



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-27 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 01 AGOSTO 2011 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Arnel F. Fabon
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Lee M. Baculinao
Konsehal Camilo G. Ferreira - Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento - Pangulo, Pambayang
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Absent:

Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Juan S. Advincula - Mourning Leave

KAPASYAHAN BLG. 040
Taong 2011

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KGG. JUAN S. ADVINCULA SA PAGPANAW NG KANYANG MINAMAHAL NA AMA, G. GUALBERTO M. ADVINCULA.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang minamahal sa buhay lalo pa't ng isang ama na siyang haligi at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa mundo ng ama ni Konsehal Juan S. Advincula ay isang malaking kawalan sa kanilang pamilya na lubhang nabibigkis ng pagkakaisa at tradisyong Pilipino;

SAPAGKAT, ang pamimighati ni Konsehal Advincula sa pagpanaw ng kanyang ama ay nararamdaman ng kanyang mga kaibigan dito sa pamahalaang lokal ng bayang ito;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng ama ng isang kaibigan at kasama sa gawain.

DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Konsehal Juan S. Advincula at sa kanyang pamilya ang taustapong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanyang minamahal na ama, G. Gualberto M. Advincula.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Konsehal Juan S. Advincula at mga kaanak lakip ang taustapong pakikiramay at pakikidalamhati.


Pinaglibay ng lahat: 01 Agosto 2011

PINATUTUNAYANG WASTO:



FERDINAD V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIDAY:



VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo